

Pagbabago sa Konstitusyon 303A

~~Ang naka-bold at naka-strikeout na pag-type ay nangangahulugang inalis ang kataga~~
Ang naka-bold na pagsalungguhit ay nangangahulugang idinagdag ang kataga

Artikulo XIII KITA

Baguhin ang Seksyon 5(a) ng Artikulo XIII upang isama ang mga numero ng telepono sa bahay at numero ng cell phone bilang bahagi ng impormasyon ng membership na ipinapasa ng Mga Lokal na Unyon sa Internasyonal na Unyon sa sumusunod na paraan:

Seksyon 5(a). Ang Lokal na Unyon, sa pamamagitan ng Kalihim at Ingat-Yaman nito, ay dapat na magpasa sa Internasyonal na Kalihim at Ingat-Yaman ng mga totoong pangalan at address (kabilang ang email address, at mga numero ng telepono sa bahay at cell phone, kung mayroon) ng lahat ng miyembro nito, at iba pang impormasyon ng membership tulad ng tinukoy ng Internasyonal na Executive Board. Kada buwan, dapat nitong isumite ang lahat ng pagbabago sa mga address; mga pangalan at address ng lahat ng mga tinanggap at ibinalik na miyembro, ng lahat ng ibang taong pinagkuhanan ng kita, at ng mga taong sinuspinde dahil sa hindi pagbabayad ng mga bayarin sa pagiging kasapi o nang dahil sa anupamang dahilan; at isang totoong listahan ng mga taong kumukuha ng card na pangpadala o pang-withdraw. Dagdag pa rito, ang Internasyonal na Unyon ay dapat na bigyan ng abiso sa mga pangalan at address ng lahat ng mga opisyal na inihalal sa opisina sa loob ng 15 araw ng naturang pagkilos. Ang naaangkop na ZIP code ay dapat na kasama ng bawat address. Dapat ay ibigay ng bawat Lokal na Unyon ang parehong listahan ng membership sa Konseho ng Estado kung saan ito napapailalim. Batay sa rekomendasyon ng Internasyonal na Kalihim at Ingat-Yaman, maaring mag-apruba ang Internasyonal na Executive Board ng pagbabago sa seksyong ito na magtatakda ng dalas at/o nilalaman ng kinakailangang ito. Ang paggamit ng Internasyonal na Unyon sa impormasyon ng miyembro na ibinigay ng Mga Lokal na Unyon alinsunod sa Seksyon 5(a) na ito ay ganap na susunod sa paggamit na ipinagkaloob ng miyembro at sa naaangkop na batas.